# Makakuha ng Suporta para sa Kalusugan ng Pag-uugali

## 4 na Pangunahing Mapagkukunan sa San Diego County

**Linya para sa Access at Krisis (Access & Crisis Line, ACL) ng San Diego 888-724-7240** Kung kailangan mo ng impormasyon o tulong sa paghahanap ng mga mapagkukunan, magandang lugar ito para magsimula. May iba pang serbisyong nakalista sa ibaba na maaari ka ring makakonekta. Maaari kang tumawag sa ACL kung gusto mong makatanggap ng impormasyon sa mga programa, suporta para sa iyong sarili, o referral sa espesyalista.

**Mga Yunit ng Pagpapanatag sa Krisis** Matatagpuan ang mga sentrong ito sa komunidad at malapit din o nasa loob ng iba't ibang ospital. Idinisenyo ang mga pasilidad na ito para magbigay ng mga serbisyo sa pagpapanatag para sa mga taong nakakaranas ng krisis.

**Mga Serbisyo sa Outpatient** Ibinibigay ang mga serbisyong ito ng mga klinika sa kalusugan ng pag-iisip at iba pang provider ng County ng San Diego. Nagsasagawa sila ng mga appointment para sa mga nakakaranas ng mga kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip o sakit sa paggamit ng kontroladong kemikal at maaari silang magsagawa ng mga agarang walk-in na appointment.

**Mga Serbisyo sa Pagtugon sa Krisis** Kapag tumawag ka sa ACL, sasagutin ng sinanay na dispatcher ang iyong tawag at magtatanong siya tungkol sa sitwasyong kinakaharap mo. Batay sa iyong mga tugon, tutukuyin ng dispatcher kung dapat ipadala ang ilang partikular na serbisyo sa interbensyon at pagtugon sa krisis, gaya ng Mobile na Team sa Pagtugon sa Krisis (Mobile Crisis Response Team, MCRT) o mga serbisyong pang-emergency.

# Depende sa iyong sitwasyon, maaaring mag-deploy ng iba't ibang serbisyo sa pagtugon sa krisis para matulungan ka:

**MCRT** Team na hindi tagapagpatupad ng batas

*Mobile na Team sa Pagtugon sa Krisis*

**PERT** Tagapagpatupad ng batas + clinician

*Team sa Pagtugon sa Psychiatric na Emergency*

**EMS** Kung may medikal na emergency

*Mga Serbisyong Medikal na Pang-emergency*

## Gumagana ang mga MCRT nang 24/7 at maaaring tumugon kung totoo ang sumusunod sa iyong sitwasyon:

1. Walang pinsalang nangangailangan ng medikal na tugon.
2. Walang armas na kasangkot o kilalang nagmamay-ari ng armas.
3. Hindi kasangkot ang tao sa seryosong kriminal na aktibidad na may kaugnayan sa pangangailangan para sa tugon na nangangailangan ng paglahok ng tagapagpatupad ng batas.
4. Hindi kilala ang tao na may kaugnayan sa patuloy na imbestigasyon ng tagapagpatupad ng batas.
5. Walang banta ng karahasan o potensyal para sa agarang karahasan o paggamit ng karahasan sa iba o sa sarili.

Kung hindi partikular na hiniling ang tagapagpatupad ng batas AT natutugunan ang lahat ng iba pang pamantayang nakalista sa itaas, maaaring irekomenda ng dispatcher na ipadala ang MCRT para tumugon sa sitwasyon ng krisis.

Kung hindi ka pa rin sigurado kung ano ang gagawin o ano ang kailangan mo, tawagan ang **ACL 888-724-7240** para makipag-usap sa isang sinanay na dalubhasa. Para matuto nang higit pa tungkol sa mga serbisyong ito, bisitahin ang **sandiegocounty.gov/mcrt/ and comresearch.org/pert.php**

COUNTY OF SAN DIEGO HEALTH AND HUMAN SERVICES AGENCY

LIVE WELL SAN DIEGO